DENR

**DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>**

---

## Re: Rodrigo A. Laroza & Rosalina L. Avila Application Number

1 message

---

**Jane Laroza** <debie.laroza06@gmail.com> Mon, Nov 21, 2022 at 3:11 PM
To: "R4B CENRO Roxas Or. Mindoro" <cenroroxasormindoro@denr.gov.ph>
Cc: "R4B PENRO Or. Mindoro" <penroor.mindoro@denr.gov.ph>, DENR CALAPAN CITY <penro_orientalmin@yahoo.com>, mimaroparegion@denr.gov.ph

Nobyembre 22, 2022

VENICE ANGELA D. VIROS
Records Officer

Magandang umaga!

Nais ko pong ipaalam na amin nang natanggap ang inyong sagot sa aming email. Ikinagagalak po namin na sa wakas ay inyo na pong nalagyan ng application number ang ipinasang aplikasyon ni G. Rodrigo A. Laroza. Ngunit nais po naming malaman kung bakit hindi niyo pa rin po nabigyan ng application number ang kay Gng. Rosalina Laroza Avila gayong dalawa po ang aming ipinasang aplikasyon. Nawa po ay malagyan niyo na rin ng application number ang kay Gng. Avila nang sa gayon ay umusad na rin po ang pagproseso nito sa loob ng 120 days. Nangangamba rin po kami na baka hindi lamang po ito aabutin ng 120 days sa pagproseso sapagkat doon pa lamang po sa paglagay ninyo ng application number na kung saan pamula nang ipasa sa inyo ng inyong inspector na si Euridez Gabuco noong Nobyembre 11, 2022 ang aplikasyon ay nalagyan niyo lamang po ng application number noong November 21, 2022 na ayon sa citizen's charter niyo ay dapat tumagal lamang ng 30 minuto hanggang 1 oras ngunit inabot ng sampong araw. At kung tutuusin po ay Disyembre 28, 2021 pa po sila nagpasa ng aplikasyon. Kaya naman ganon na lamang po ang aming pag aalala.

Nawa po ay inyo nang matugunan ang aming mga katanungan at maaksyunan na.

Maraming salamat.

Gumagalang,
Debie Jane Laroza

On Mon, Nov 21, 2022 at 10:05 AM R4B CENRO Roxas Or. Mindoro <cenroroxasormindoro@denr.gov.ph> wrote:

> Nobyembre 21, 2022
>
> Ms. Debie Jane Laroza
> Bongabong, Oriental Mindoro
>
> Ma'am:
>
> Mapagpalang umaga po sa inyo!
>
> Nais ko po na ipaalam sa inyo na ang Free Patent Application ni G. Rodrigo Laroza ay na-verify at nalagyan na po ng Application Number sa Records Unit ngayong araw, Nobyembre 21, 2022.
>
> Ang free patent application po ni Mr. Rodrigo Laroza ay ifo-forward na po ng Records Unit kay Land Management Inspector Euridez M. Gabuco para kumpletuhin ang mga iba pang dokumento o requirements na kailangan para sa pagpo-proseso ng application.
>
> Umasa po kayo na ang Free Patent Application ni G. Rodrigo Laroza ay maii-proseso sa loob ng 120 calendar days alinsunod sa aming Citizen's Charter.
>
> Maraming salamat po.
>
> Lubos na gumagalang,
>
> VENICE ANGELA D. VIROS

Records Officer

On Sat, 19 Nov 2022, 5:08 pm Jane Laroza, <debie.laroza06@gmail.com> wrote:

Ika-19 ng Nobyembre, 2022

**Venice Angela DelasAlas Viros**
*Record Officer*
CENRO Roxas Oriental Mindoro

Magandang hapon!

Nais ko po ipaalam na ako po ay nagtungo sa inyong opisina kahapon upang magfollow-up ng application number nila Rodrigo A. Laroza at Rosalina L. Avila ngunit wala po kayo roon at nasa field daw po kayo at ngayon ko lang din po nalaman na ang record officer pala po ay pumupunta na rin sa field. Ayon din po kay Ma'am Euridez Gabuco ay naipasa niya na sa inyo ang nasabing application noong November 11, 2022. Isang linggo na po ang nakalipas pero hindi niyo pa rin po nalalagyan ng application number hanggang ngayon na base po sa chart nyo ay 30 minutes to 1 hour lang po magtatagal ang pagpasok ng application pamula nang ibigay sa inyo. Bakit naman po kailangan abutin ng ganon katagal?  Akala po namin ang may problema ay sa Calapan ngunit aming napag alaman na d'yan pala po sa inyo sa cenro roxas ang may problema kaya mabagal ang pag usad ng aplikasyon dahil hindi niyo po pala agad pinoproseso.

Sana naman po ay malagyan niyo na ng application number ang naipasok sa inyo ng inyong inspector lalong lalo na po ang application ni Rodrigo Laroza.

Maraming salamat po!

Gumagalang,
*Debie Jane Laroza*